Deklarasyon ng Pag-iingat sa nalalapit na Medical Crisis sa Gifu

～Upang maiwasan ang pagsabog ng impeksyon nitong Year-End at New Year～

（Buod）

Napagpasyahan : 2022 Nobyembre 29
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Walang tigil ang mabilis na pagkalat ng COVID-19 infection. Ang bilang ng mga bagong positibong kaso (weekly average) ay lumampas sa 2,000, at tumataas sa rate na lumampas sa pambansang average.

Maliban dito, lumampas na din sa 40% ang hospital bed occupancy rate at patuloy itong tumataas. Ang impeksyon sa mga medikal workers ay kumakalat din, at ang mga admission at discharge ng mga general ward at paghihigpit sa emergency medical care maliban sa COVID-19 medical care ay tumataas.

Tulad sa Year-End at New Year, kung saan maraming pagkakataon magtipon ang mga tao, may posibilidad na hindi natin makasama at makita ang mga mahal sa buhay kung sumabog ng malawak ang impeksyon.

Dahil sa sitwasyong ito, naglabas kami ng “Declaration ng Pag-iingat para sa Paparating na Medical Crisis sa Gifu” at hinihiling ang inyong kooperasyon sa pagpapalakas ng mga hakbang tulad ng sumusunod.

Nais naming hilingin sa lahat ng mamamayan ng Prepektura na lubusang sundin ang mga kahilingang ito, kabilang ang masusing pagpapatupad ng mga pangunahing Preventive Countermeasures sa pag-iwas sa impeksyon.

＜Hinihiling na Kooperasyon mula sa mga Mamamayan ng Gifu＞

○ Agarang pagpapa-bakuna
○ Masusing pagpapatupad ng mga pangunahing preventive countermeasures sa pag-iwas ng impeksyon
○ Iwasan ang mga kilos na hahantong sa pagkalat ng impeksyon, tulad ng pagpunta sa mataong lugar o mga lugar kung saan mataas ang panganib ng impeksyon.
○ Maingat na isaalang-alang ang pagpunta sa mga kainan na may malaking bilang ng tao.
○ Maingat na isaalang-alang ang pagsali sa malalaking events